



ABISO SA PUBLIKO

MGA MADALAS ITANONG PARA SA

**Welcome sa Kagawaran ng Mga Ugnayang Pangkomunidad ng New Jersey
Pambuong-estadong Site ng Bukas na Pagpapalista para sa
PROGRAMA NG TULONG SA PAGBABAYAD NG RENTA SA PANAHON NG EMERGENCY NG COVID-19
(COVID-19 EMERGENCY RENTAL ASSISTANCE PROGRAM, CVERAP)**

NAPALAWIG HANGGANG HULYO 17, 2020 ANG DEADLINE NG APLIKASYON PARA SA CVERAP

Ang Panahon ng Pagpapalista ay sa Lunes, Hulyo 6, 2020, nang 9:00 am hanggang Biyernes, Hulyo 17, 2020, nang 5:00 pm

Ang pagkumpleto sa paunang aplikasyon na ito ay hindi naggagarantiya ng pagkakabilang sa CVERAP.

Ang COVID-19 Emergency Rental Assistance Program (CVERAP) ay magbibigay ng pansamantalang tulong sa pagbabayad ng renta para sa mga sambahayang may mababa hanggang katamtamang kita na labis na naapektuhan ang kita o nawalan ng trabaho dahil sa pandemiko ng COVID-19. Maaaring maging kwalipikado ang mga aplikante sa maximum na hanggang 6 na buwang tulong sa pagbabayad ng renta sa panahon ng emergency. Lilimitahan ang tulong sa pamantayang halaga ng renta sa merkado ng DCA o sa kabuuang halaga ng renta, alinman ang mas maliit. Susuriin ang lahat ng kalahok kada 3 buwan para malaman kung kailangan pa rin nila ng tulong. Ang mga taong mag-a-apply ay dapat matugunan ang lahat ng naaangkop na kinakailangan sa kita at pagkakwalipikado ng CVERAP. Ikaw dapat ay labingwalong (18) taong gulang pataas para makapag-apply o isa kang emancipated minor. **Isang (1) paunang aplikasyon lang kada sambahayan ang tatanggapin.** Pipiliin ang lahat ng kalahok sa pamamagitan ng online na proseso ng loterya.

Ang sinumang mapipili sa programa ay dapat matugunan ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Mayroong gross, taunang sambahayang kita na nagkakahalagang o mababa sa maximum na limitasyon sa kita para sa county kung saan sila nakatira
- Isang residente ng New Jersey at nagrerenta ng unit sa New Jersey
- Nakapagbayad na ng renta hanggang Marso 2020; hindi magbibigay ng tulong sa pagbabayad ng utang ang programang ito
- May malaking kabawasan sa kita o kasalukuyang walang trabaho dahil sa pandemiko ng COVID-19
- Kulang ang kinikita at ipon para makapagbayad ng renta
- Magbabayad ng minimum na 30% ng kanilang kita para sa renta

Makikita sa chart sa ibaba ang maximum na limitasyon sa kita na kasalukuyang ipinapatupad sa mga sambahayang may hanggang 8 miyembro. Kung mas malaki ang iyong sambahayan, makipag-ugnayan sa DCA sa 609-292-4080, at piliin ang Opsyon 1 o 8 para sa tulong sa pagtukoy sa mga maximum na limitasyon sa kita para sa iyong sambahayan.

MGA MAXIMUM NA LIMITASYON SA TULONG SA PAGRENTA SA PANAHON NG EMERGENCY NG COVID-19

| County | 1Tao | 2Tao | 3Tao | 4Tao | 5Tao | 6Tao | 7Tao | 8Tao |
|----------|-----------|-----------|-----------|-----------|-----------|-----------|-----------|-----------|
| Atlantic | \$ 46,450 | \$ 53,100 | \$ 59,750 | \$ 66,350 | \$ 71,700 | \$ 77,000 | \$ 82,300 | \$ 87,600 |
| Bergen | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |

| | | | | | | | | |
|------------|-----------|-----------|-----------|-----------|-----------|-----------|-----------|-----------|
| Burlington | \$ 54,150 | \$ 61,850 | \$ 69,600 | \$ 77,300 | \$ 83,500 | \$ 89,700 | \$ 95,900 | 102,050\$ |
| Camden | \$ 54,150 | \$ 61,850 | \$ 69,600 | \$ 77,300 | \$ 83,500 | \$ 89,700 | \$ 95,900 | 102,050\$ |
| Cape May | \$ 48,100 | \$ 54,950 | \$ 61,800 | \$ 68,650 | \$ 74,150 | \$ 79,650 | \$ 85,150 | \$ 90,650 |
| Cumberland | \$ 41,100 | \$ 47,000 | \$ 52,850 | \$ 58,700 | \$ 63,400 | \$ 68,100 | \$ 72,800 | \$ 77,500 |
| Essex | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |
| Gloucester | \$ 54,150 | \$ 61,850 | \$ 69,600 | \$ 77,300 | \$ 83,500 | \$ 89,700 | \$ 95,900 | 102,050\$ |
| Hudson | \$ 55,250 | \$ 63,150 | \$ 71,050 | \$ 78,900 | \$ 85,250 | \$ 91,550 | \$ 97,850 | 104,150\$ |
| Hunterdon | \$ 57,800 | \$ 66,050 | \$ 74,300 | \$ 82,550 | \$ 89,200 | \$ 95,800 | 102,400\$ | 109,000\$ |
| Mercer | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |
| Middlesex | \$ 57,800 | \$ 66,050 | \$ 74,300 | \$ 82,550 | \$ 89,200 | \$ 95,800 | 102,400\$ | 109,000\$ |
| Monmouth | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |
| Morris | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |
| Ocean | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |
| Passaic | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |
| Salem | \$ 54,150 | \$ 61,850 | \$ 69,600 | \$ 77,300 | \$ 83,500 | \$ 89,700 | \$ 95,900 | 102,050\$ |
| Somerset | \$ 57,800 | \$ 66,050 | \$ 74,300 | \$ 82,550 | \$ 89,200 | \$ 95,800 | 102,400\$ | 109,000\$ |
| Sussex | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |
| Union | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |
| Warren | \$ 54,950 | \$ 62,800 | \$ 70,650 | \$ 78,500 | \$ 84,800 | \$ 91,100 | \$ 97,350 | 103,650\$ |

Kailan: Ang mga paunang aplikasyon sa CVERAP ay tatanggapin lang ONLINE. Ang panahon ng bukas na pagpapalista ay sa **Lunes, Hulyo 6, 2020 nang 9:00 a.m. hanggang Biyernes, Hulyo 17, 2020 nang 5:00 p.m. Eastern Time.**

Proseso: Ang mga paunang aplikasyon sa CVERAP ay puwedeng isumite ONLINE gamit ang personal na computer, laptop, smartphone, o tablet sa <https://www.waitlistcheck.com/NJ559-2809>.

Hindi ipinapamigay o tatanggapin ang mga papel para sa paunang aplikasyon sa CVERAP. *Ang pagsusumite ng paunang aplikasyon sa CVERAP ay hindi naggarantiya ng pagkakabilang sa Programa. Isang paunang aplikasyon lang sa CVERAP kada sambahayan bawat county ang tatanggapin. Hindi tatanggapin ang mga dobleng paunang aplikasyon sa CVERAP.*

Kinakailangang Impormasyon ng Sambahayan: Mga pangalan, petsa ng kapanganakan, impormasyon ng kita para sa lahat ng indibidwal na nakatira sa sambahayan. Kailangan din ng email address. Kung wala kang email address, makakagawa ka sa proseso ng aplikasyon. Kung hindi ka bihasa sa wikang Ingles, ang paunang aplikasyon sa CVERAP ay available sa 90 wika; makikita ang impormasyong ito sa <https://www.waitlistcheck.com/NJ559-2809>, sa kanang bahagi sa itaas ng paunang aplikasyon.

Mga Katanggap-tanggap na Matutuluyan: Ang Kagawaran ng Mga Ugnayang Pangkomunidad (Department of Community Affairs, DCA) ay magkakaloob ng mga katanggap-tanggap na matutuluyan

para sa mga may kapansanang indibidwal, at mga taong may limitadong kasanayan sa wikang Ingles depende sa sitwasyon at isasaalang-alang ang kapansanan at ang (mga) pangangailangan ng (mga) indibidwal o iyong mga sambahayang walang access sa internet. Tawagan ang Unit ng Serbisyo ng Aplikante ng DCA sa 609-292-4080, Opsyon 1 o 8, para humiling ng matutuluyan.

Proseso ng Loterya: Isang computerized na proseso ng pagpili (loterya) ang gagamitin para pumili ng mga kwalipikadong aplikante. Ang bawat aplikasyong isusumite sa panahon ng bukas na pagpapatala ay may patas na tsansang mapili sa loterya.

Ipinapaalam na ang pagsusumite ng paunang aplikasyon sa CVERAP ay hindi naggagarantiya ng pagkakabilang sa programa, o ng pansamantalang ayuda mula sa COVID-19 Emergency Rental Assistance Program.

Karagdagang Impormasyon: Makikita ang impormasyon tungkol sa status sa: <https://www.waitlistcheck.com/> sa **Hulyo 29, 2020**. Sa site na ito, mave-verify mo kung napili ka sa programa. Kung napili ka sa programa, ang iyong status ay magiging **Aktibo**; kung hindi ka napili ito ay **Hindi Aktibo**.

Pumunta sa aming Mga Madalas Itanong sa: https://www.nj.gov/dca/divisions/dhcr/offices/docs/FAQs_CVERAP.pdf kung mayroon kang anupamang tanong.

Tingnan ang website ng DCA para makita kung may bubuksang bagong listahan ng mga naghihintay.